

Paano Laruin

Slot Machine

Gawin itong masaya.

Alamin kung paano maglaro bago magsimula.

Ang mga “slot machine” ay tumatakbo ng random o walang tiyak na direksyon. Mayroong “Random Number Generator (RNG)” sa bawat makina na tuloy-tuloy na pinaikot ang milyun-milyong mga numero. Ang kalalabasan ng spin o pag-ikot ay awtomatiko na pinapasyahan ng RNG kapag pinindot mo ang spin button. Ibig sabihin, imposibleng hulaan kung ikaw ay mananalo - o matatalo.

May ibang mga slot machine na binibigyan ka ng pagkakataon na maagang pahintuin ang pag-ikot ng mga reels. Wala itong ibinibigay na kaibahan. Wala itong epekto sa kalalabasan ng spin - wala kang maaaring gawin upang kontrolin kung saan titigil ang reel.

May ilang mga slot machine na maaaring magbigay sa 'yo ng bonus games. Maaaring maimpluwensiyahan ng manlalaro ang halaga ng bonus prize sa pamamagitan ng paglalaro ng video game na parang sa arcade. Habang ang kasanayan ay mukhang nakakaapekto sa kalalabasan ng bonus prize, ang totoo ay nakasalalay talaga ang lahat sa pagkakataon. Ano man ang nakikitang antas ng kasanayan ng manlalaro, ang RNG sa loob ng bawat slot machine ang nagpapasya ng kalalabasan: kung mananalo ang manlalaro ng oportunidad na makapaglaro ng bonus game, at ang nakalaan na pinakamataas na halaga na maaaring mapanalunan sa bonus game.

Iba't ibang Slot machine

May mga pagkakaiba sa mga slot machine. Isaalang-alang ang mga ito: hindi dahil ang laro na may bayad na \$0.05 sa isang kilalang brand ay mukhang mas masaya... maaari itong mas mahal laruin kaysa sa “slot machine” na may mas mataas na bayad.

Mahalagang malaman na ang mga slot machine ay ginawa ayon sa iba't ibang mga karanasan sa paglalaro. Halimbawa: ang isang laro na binibigyan ka ng pagkakataon na maglaro nang mas matagal at i-maximize ang iyong oras sa casino ay ibang-iba sa laro na para sa taong mas gusto ang mas mabilis at agresibong paraan ng paglalaro. Alamin kung anong uri ng laro ang nilalaro mo upang maibigay nito sa iyo ang uri ng karanasan sa paglalaro na hinahanap mo.

Paano laruin

Ang lahat ng casino ay mayroong mga coinless slot machine. Ang mga bill acceptors ay tumatanggap ng perang papel na \$5, \$10, \$20, \$50 o \$100. Upang maglaro sa mga slot machine, ipasok ang perang papel sa bill acceptor.

Maaari mong piliin kung ilang linya at magkanong pera sa bawat linya, ang gusto mong itaya. May mga slot machine na may isang credit value, at ang iba naman na may iba't ibang credit value na pagpipilian. Kapag pinindot mo ang Bet One button, tataya ka ng isang credit. Kapag pinindot mo ang Max Bet, ang taya mo ay ang pinakamataas na taya na pinapayagan sa slot machine na iyon sa bawat laro.

Hilahin paibaba at pakawalan ang hawakan sa gilid ng slot machine - o pindutin ang Spin button. Idini-display ng lahat ng slot machine ang bilang ng credit na napanalunan ayon sa kinalabasan ng pag-ikot ng reel.

Kapag handa ka nang kuhanin ang pera mo, pindutin ang Cash Out button at makakatanggap ka ng tiket na maaari mong palitan sa cashier, Ticket Redemption machine, o maaari ding ipasok sa ibang slot machine. Ang tiket ay balido sa loob ng 120 araw sa casino.

Ang House Advantage

Ang 'house advantage' ay nangangahulugan na ang mga slot machine, sa karaniwan, ay kinukuha ang 8% ng lahat ng mga taya sa buong buhay ng slot machine. Kaya laging panalo ang mga slot machine sa katagalan. Ang posibilidad na ikaw ay manalo ay naka-depende sa uri ng laro na pipiliin mo, ang halaga na pipiliin mo, o kung ilang credits ang gugustuhin mong itaya.

Ang mga "slot machine" ay uri ng paglilibang na tulad ng pagkain sa labas o panonood ng sine, kailangan mong magbayad para sa paglilibang. Kapag ubos na ang iyong pera, oras na para umuwi.

Pagsusugal kasama ang GameSense

Ang Slot Machine ay isang laro ayon sa pagkakataon. Kaya maglaro para magsaya: kung ikaw ay matalo, isipin na lang itong isang gastos para sa libangan.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano laruin ang mga laro, bisitahin ang GameSense Info Centre sa lugar na ito o ang GameSenseAB.ca.